

KASUNDUAN SA PAGPAYAG SA DISKUWALIPIKASYON SA PROGRAMANG CALFRESH

Petsa:
Pangalan ng Kaso:
Numero ng Kaso:

MAHALAGANG PAUNAWA

Ang pormang ito ay maaari lamang maging angkop sa inyo kung kayo ay miyembro ng isa sa dalawang uri na nakalagay sa ibaba:

- (1) Kayo ay inakusahan ng Sinadyang Paglabag sa Programa at nakatugon sa mga tadhana ng isang utos ng hukuman; o
- (2) Kayo ay inakusahan ng Sinadyang Paglabag sa Programa pero hindi nausig dahil nakatugon kayo sa mga tadhana ng isang kasunduan sa tagausig.

_____ County ay may dahilan upang maniwala na kayo _____, (bilang puno ng sambahayan o bilang miyembro ng sambahayan) ay gumawa ng Sinadyang Paglabag sa Programa. Ito ay nangangahulugang **sinadya** ninyong magbigay sa County ng maling impormasyon o **sinadya** ninyong hindi sabihin ang katotohanan noong kayo ay tanungin ng mga partikular na katanungan. Sa "sinadya" ibig sabihin ay ginawa ninyo nang may layunin. Ito ay maaaring nagresulta sa sobrang pag-isyu ng mga benepisyo ng CalFresh.

Paunawa ng Impormasyon

Kung pinirmahan ninyo ang Kasunduan sa Pagpayag sa Diskuwalipikasyon:

- Ang inyong kita at mga yaman ay patuloy na ibibilang kapag pinagpapasiyahan ang pagiging karapat-dapat ng sambahayan.
- Kayo at/o ibang nasa hustong gulang na (mga) miyembro ng inyong sambahayan ay dapat magsauli ng ekstrang mga benepisyo ng CalFresh na natanggap ng inyong sambahayan, kung mayroon, maliban kung nabayaran na ninyo ang mga ito.
- Ang mga benepisyo ng CalFresh ng inyong sambahayan ay maaaring babaan o itigil sa panahon ng inyong diskuwalipikasyon kahit na my ibang mga miyembro sa inyong sambahayan.
- Kung kayo (ang akusadong tao) ay hindi ang puno ng inyong sambahayan at sumang-ayon kayo na pirmahan ang Kasunduan sa Pagpayag sa Diskuwalipikasyon, ito ay dapat ding pirmahan ng puno ng sambahayan.
- Kayo ay magiging diskuwalipikado sa CalFresh Program para sa isang tinukoy na panahon kahit na hindi ninyo inamin ang mga bagay na iniharap ng County. (Tingnan ang Mga Parusa sa Diskuwalipikasyon).
- Kayo ay magiging diskuwalipikado sa CalFresh Program para sa isang tinukoy na panahon kahit na hindi ipinasiya ng isang hukuman na kayo ay nagkasala ng pandaraya.
- Kung hindi kayo sumasang-ayon sa Kasunduan sa Pagpayag sa Diskuwalipikasyon pagkatapos pumirma at ang isang parusa sa diskuwalipikasyon ay ipinataw, hindi kayo makakahingi ng pagdinig ng Estado o County. Maaari kayong magharap ng apela sa isang angkop na hukuman ng batas.

Mga Tuntunin: Ang mga tuntuning ito ay ginagamit: Maaari ninyong repasuhin ang mga ito sa inyong opisina ng welfare: Manwal ng mga Patakaran at mga Pamamaraan Mga Seksiyon: 20-300.221(c), 20-300.3, 20-300.32, 22-003.11.

BABALA NG MGA PARUSA SA DISKUWALIPIKASYON:

Sa loob ng 45 araw mula sa petsa na pinirmahan ninyo ang kasunduan, kayo ay hindi karapat-dapat tumanggap ng mga benepisyo ng CalFresh para sa:

- ☐ 12 buwan (para sa unang paglabag).
- ☐ 24 na buwan para sa:
 - ☐ Ikalawang paglabag.
 - ☐ Hatol ng hukuman para sa unang paglabag na pakikipagpalit ng mga benepisyo ng CalFresh para sa isang kinokontrol na substance.
- ☐ 10 taon para sa pagsisinungaling o pagbibigay ng hindi totoong impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan o lugar ng tirahan ng isang tao upang makatanggap ng maraming benepisyo ng CalFresh nang magkakasabay.
- ☐ Nang permanente para sa:
 - ☐ Ikatlong paglabag.
 - ☐ Hatol ng hukuman para sa ikalawang paglabag na pakikipagpalit ng mga benepisyo ng CalFresh para sa isang kinokontrol na substance.
 - ☐ Hatol ng hukuman para sa pagbebenta o pakikipagpalit ng mga benepisyong nagkakahalaga ng \$500 o higit.
 - ☐ Hatol ng hukuman para sa pakikipagpalit ng mga benepisyo ng CalFresh para sa mga baril, bala, o pampasabog.

Ito ang inyong _____ paglabag na nangangahulugang:

- Kung pipirmahan ninyo itong Kasunduan sa Pagpayag sa Diskuwalipikasyon, ang inyong parusa sa diskwalipikasyon ay _____.
- Ang inyong panahon ng diskwalipikasyon ay magsisimula sa loob ng 45 araw mula sa petsa na pinirmahan ninyo ang kasunduang ito maliban kung salungat sa isang utos ng hukuman.

PAUNAWA SA IBANG MGA MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN

Kayo at/o ibang (mga) nasa hustong gulang sa sambahayan ay papanagutin para sa pagbabayad ng ekstrang mga benepisyo ng CalFresh na ibinigay sa inyong sambahayan (kahit na kayo o ang diskwalipikadong tao ay lumipat na), maliban kung ang ekstrang halaga ng mga benepisyo ng CalFresh ay naibalik na.

Kung kailangan ninyo ng tulong na pambatas sa pagpapasiya kung pipirmahan o hindi ang Kasunduan sa Pagpayag sa Diskuwalipikasyon at hindi ninyo kayang kumuha ng abugado, maaari kayong makakuha ng libreng tulong na pambatas sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa pinakamalapit na opisinang nakalista rito:

Kung kayo ay may mga katanungan o kailangan ng karagdagang impormasyon tungkol sa Kasunduan sa Pagpayag sa

Diskuwalipikasyon, mangyaring tawagan si _____ sa () _____.

KASUNDUAN SA PAGPAYAG SA DISKUWALIPIKASYON:

Nirepaso ko ang impormasyong ibinigay sa akin tungkol dito sa Kasunduan sa Pagpayag sa Diskuwalipikasyon.

Naiintindihan ko ang mangyayari kung pipirmahan ko itong kasunduan na pagpayag.

SA PAMAMAGITAN NITO AY BOLUNTARYO AKONG PUMAPAYAG NA MAGING DISKUWALIPIKADO MULA SA CALFRESH PROGRAM PARA SA ISANG PANAHOON NA _____.

Mangyaring lagyan ng tsek ang isa sa mga kahon sa ibaba:

- ☐ Hindi ko tinatanggap na ang mga bagay na iniharap ay tama. Gayunman, pinili kong pirmahan itong Kasunduan sa Pagpayag sa Diskuwalipikasyont at naiintindihan na ang isang parusa sa diskwalipikasyon ay magiging resulta.
- ☐ Tinatanggap ko ang mga bagay na iniharap at naiintindihan na ang isang parusa sa diskwalipikasyon ay ipapataw kung pirmahan ko itong Kasunduan sa Pagpayag sa Diskuwalipikasyon.

 Pirma ng Akusadong Tao

Petsa

Pirma ng Puno ng Sambahayan (kung iba*)

Petsa

*Ang Puno ng Sambahayan ay DAPAT ding pumirma kung ang akusadong tao ay hindi ang Puno ng Sambahayan.

Pagkatapos pirmahan ang Kasunduang ito, ibalik ito sa: